


PANANALANGIN PARA SA MGA NAWAWALA AT SA IMPLUWENSIYA NG IGLESIA SA LIPUNAN



Ano ang Ninanais ng Diyos?

1. Upang makasunod tayo sa Diyos, dapat nating maunawaan hindi lamang ang mga bagay na ginagawa ng Diyos kundi pati ang layunin niya sa kanyang mga ginagawa. Batay sa katotohanang ito, bakit sa tingin mo ipinadala pa ng Diyos si Jesus sa halip na wasakin na nang tuluyan ang mundo noong nagkasala si Adan at si Eba? Alam na alam nating ang layunin ng Diyos kung bakit niya ginawa ito ay upang iligtas ang mga taong makasalanan. Ipinapakita ng katotohanang ito na hindi maaaring maupo lamang tayo at walang gagawin habang maraming tao ang napapahamak (1 Tim. 1:15; 2:4; 2 Pet. 3:9).
2. Itinalaga ng Diyos na ang ating pagsunod at maging ang ating pagsuway ay magkakaroon ng malaking impluwensiya sa kahihinatnan ng maraming tao (Eze. 3:17-21).

Ang Kaugnayan ng Buhay Panalangin sa Panalangin para sa mga Nawawala

1. Ipanalangin na buksan ng Diyos ang mga oportunidad upang abutin natin ang mga taong nawawala o naliligaw (Col. 4:3; 1 Cor. 16:9; 2 Cor. 2:12).
2. Sa panalangin natin, mas nagiging sensitibo tayo sa tinig ng Diyos upang malaman natin ang kanyang pagkilos sa buhay ng isang tao upang mailapit sa kanya (Acts 8:26-27; 16:6-10).
3. Ang buhay na puno ng panalangin ay nagdudulot ng isang pusong katulad ng sa Diyos (Rom. 10:1; 9:1-3).

Sinasagot ng Diyos ang Panalangin Natin para sa mga Nawawala kung Maayos ang Relasyon Natin sa Kanya at sa Bawat Isa

1. Kung maayos ang relasyon natin sa Diyos at sa bawat isa, mararanasan natin ang pagpapala ng Diyos sa iglesia. Ito ay magbubunga ng pagpapala at kaligtasan sa ibang tao, at ng malaking impluwensiya ng iglesia sa lipunan (Acts 2:47; 5:13; 19:19). Mayroon mang mga taong sasalungat sa atin, hindi ito magtatagumpay.
2. Makikita ang katotohanang ito sa buong kasaysayan ng iglesia, mula sa panahon ng mga apostol hanggang sa mga malalaking revivals na nangyayari ngayon sa iba't ibang bansa. Naliligtas ang marami at napagpapala din ang lipunan sa pamamagitan ng mga pagbabagong nangyayari dahil sa sama-samang pagkilos ng mga tagasunod ni Cristo at ng mga may takot sa Diyos.

Focusing on God

1. Kung lahat ng nagsasabing Cristiano sila ay mapapalapit ang relasyon sa Diyos, ano sa tingin mo ang mangyayari sa paligid natin? Ano ang mangyayari sa iglesia kung lahat tayo ay namumuhay ayon sa nais ng Diyos?
2. Ano ngayon ang nakikita mong ginagawa ng Diyos sa buhay ng mga taong nasa paligid mo (kapamilya, kamag-anak, kaibigan, kapitbahay)?



Responding to God

1. Sa taong hindi pa Cristiano ngunit nakikita mo ang pagkilos ng Diyos sa kanyang buhay, ano ang nais ng Diyos na tugon na gawin mo para makakilala siya kay Cristo?
2. Pasalamatang ang Diyos sa kaligtasang natanggap mo at ipanalangin na maranasan din ito ng ibang tao sa pamamagitan mo na magbabahagi sa kanila.



Kingdom Prayer List

1. Ipanalangin ang isa't isa – mga espirituwal na pagpapala sa bawat isa at sa mga kapatid natin sa iglesia.
2. Ipanalangin na magkaroon ng revival sa pananampalataya ang mga kapatid nating nanlalamig.
3. Ipanalangin na ipakita ng Diyos ang isang tiyak na bagay na gusto niyang gawin natin para sa ating paligid at buksan ng Diyos ang mga opportunities upang maibahagi ang Mabuting Balita.

